International Journal of Humanities Social Science and Management (IJHSSM)
Volume 5, Issue 4, Jul. - Aug., 2025, pp: 325-344 ISSN: 3048-6874
www.ijhssm.org

# Karanasan Ng Mga Mag-Aaral Sa Pagsulat Ng Pananaliksik Tungo Sa Pagbuo Ng Modelong Gabay Sa Pananaliksik

[1]Joyce Daw-as Cobebe, *PhD, Saint Louis University, Baguio City, Philippines*
[2]Joselito C. Gutierrez, *PhD, Saint Louis University, Baguio City, Philippines*
*Corresponding Author: Joyce Daw-as Cobebe*

Date of Submission: 07-07-2025 Date of Acceptance: 19-07-2025

**ABSTRACT**: Ang mga kaalaman sa karanasan ng pagsulat ng pananaliksik ng mga mag-aaral ay mahalagang malaman upang magsilbing gabay sa mahusay na pagtuturo ng kurso. Sa pananaliksik na ito, ginamit ang disenyong penomenolohikal. Ginamit ang pakikipanayam sa paglikom ng datos mula sa mga mag-aaral na nasa Senior High School lamang ng Catholic Educational Association of the Philippines - Cordillera Administrative Region sa Diosesis ng Baguio. Mula sa nalikom na datos, ginamit ang prosesong transkripsyong pagsusuri. Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, may mga suliraning naranasan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik katulad sa bahaging introduksyon, paglalahad ng tiyak na mga suliranin, ang pagtukoy ng gagamiting pamamaraan ng pananaliksik, ang bahaging lugar at kalahok, ang paggawa ng kasangkapang gagamitin sa paglikom ng datos, ang pagtalakay sa nalikom na datos. Gayundin, naranasan ng ilang mag-aaral ang iba pang suliranin katulad ng kawalan ng pakikiisa ng mga kalahok, ang kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagpili ng paksa, at kakulangan ng mga sangguniang gagamitin sa pananaliksik. Gayunpaman, ang ilang bahagi ng pananaliksik katulad ng paglalahad ng tiyak na mga suliranin, ang pamamaraan ng pananaliksik, ang lugar at kalahok, ang pangongolekta ng mga kasangkapang ginamit sa paglikom ng datos, ang pagsasaalang-alang ng etikal na gawi, ang kongklusyon at rekomendasyon ay naging madali ang pagsulat ng ilang mag-aaral. Kaugnay naman sa pinakamabisang ginawa ng mga mag-aaral upang mapagtagumpayan ang pagsulat ng pananaliksik, ang pangkatang pag-uusap bilang mga mag-aaral at pagkonsulta sa guro ang kanilang ginawa. Batay sa mga suliraning naranasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik, nabuo ang modelong modyul na binubuo ng pitong bahagi bilang gabay sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik. Sa resulta ng pananaliksik, sa mga guro, iminumungkahing pahalagahan ang pagtatatag ng gawaing pananaliksik para sa sariling pag-unlad upang mapalawak ang kaalaman sa pagsusulat at pagtuturo ng pananaliksik. Sa mga mag-aaral, maging masigasig sa pagsulat at pagsasagawa ng pananaliksik na may kalidad. Gamitin ang modyul bilang katugunan sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik. Sa mga punung-guro, nakabubuting maghanda ng mga *in service training* para sa mga guro.

**SUSING SALITA:** modelong modyul, gabay sa pagkatuto, wastong pagsulat, karanasan sa pagsulat, pagkatuto, pagtuturo

## I. INTRODUKSYON

Bawat mag-aaral ay may iba't ibang karanasan sa kanilang pagkatuto. Ito ay mga karanasang bunga ng kanilang pakikipag-ugnayan o bunga ng kanilang pagtugon sa mga instruksyon. Mga karanasang maaaring bunga ng pagkatuto na binigyang pokus sa iba't ibang disiplina o larangan. Ang mga karanasang ito ng pagkatuto ay maaaring naganap sa anumang sitwasyon na posibleng makapagbabago ng pagkatuto. Sa pagtukoy nina LaRocco at Fanelli (2021) anumang karanasan, planado o hindi planado, sa anumang bilang ng pagkakataon at konteksto na nakapagbabago sa mga pananaw ng mag-aaral, ay nararapat na sumusuporta sa emosyonal na pag-unlad at bumubuo ng kaalaman, kasanayan at disposisyon. Nais ipakahulugan na ang mga karanasan ay bunga ng mga pangyayaring maaaring magdulot ng mga sitwasyong nagiging daan o balakid katulad sa pagsulat ng wasto, maayos at malinaw na pananaliksik. Samakatuwid, ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik ay mahalagang mabatid. Ito ang nagmumulat upang mabigyang halaga ang mga pangyayaring nakaaapekto sa kanilang pagkatuto ng pagsulat ng pananaliksik.

Sa mga karanasan, mahalagang matiyak ang pagkatuto. Natukoy ni Cornell (2023) na ang karanasang nakabalangkas ay may malinaw na

mga hakbang upang matiyak na nagaganap ang pagkatuto. Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay may katiyakan kung naisasagawa sa tamang proseso ang pagtuturo na nagbubunga ng mabuting karanasan. Kung gayon, mahalagang maisagawa ang tamang proseso sa pagtuturo tungo sa pagkakaroon ng mga karanasang gabay sa pagkatuto.

Bahagi ng pahayag ng UNESCO (2023) sa larangan ng edukasyon ang mga karanasan sa pagkatutuo ay sadyang mapanghamon, kawili-wili, mayaman, nakagaganyak, makahulugan at angkop sa pangangailangan ng mag-aaral. Ang mga karanasang ito sa pagkatuto ay maituturing na susi sa kalalabasan ng iba pang pagkatuto. Katotohanang ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nakasalalay din sa kanilang mga karanasang natutunan katulad ng karanasan ng mga ito sa kasanayang pagsulat. Halimbawa ay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

Sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pananaliksik at pagbatid ng mga pinakamabisang paraang isinagawa ng mga ito upang mapagtagumpayan ang pagsulat ng pananaliksik ay makatutulong sa pagbuo ng modelong magiging gabay sa pagtuturo ng pananaliksik tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, nilalayong sagutin ang sumusunod na mga tanong: Una, ano-ano ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik? Pangalawa, paano napagtagumpayan ng mga mag-aaral ang mga hamong naranasan nila sa pagsulat ng pananaliksik batay sa mga pinakamabibisang gawaing kanilang isinagawa? Pangatlo, anong modelong gabay sa pagsulat ng pananaliksi k ang maaaring mabuo mula sa pag-aaral?

## II. MGA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSULAT NG PANANALIKSIK

Kahirapan sa Pagsulat ng Ilang Bahagi ng Pananaliksik

Ibinahagi ng ilang mag-aaral ng kahirapang kanilang naranasan katulad sa pagsulat ng introduksiyon ng pananaliksik. Binanggit ni Inez (2015) na ang pagsulat ng pananaliksik ay maaaring mahirap at nakabibigla. Ipinaliwanag rin niya na hindi ito madaling paraan ng pagsulat. Kailangan ang sapat na panahon at pagsisikap na maghanap at magsagawa ng mga ebalwasyon ng mga sangguniang gagamitin, ayusin ang mga impormasyon at maisulat ito. Ipinapaunawa lamang na ang pagsulat ng pananaliksik ay hindi madaling gawain. May mga hakbang na mahalagang gawin. Kaya ito ay mapanghamon. Tinukoy ni Benzon (2023) na ang pananaliksik ay isa sa mga pinakamapanghamong gawaing kailangang harapin ng mag-aaral. Ipinapahiwatig lamang nito na ang pananaliksik ay gawaing kinakailangang gawin ng mag-aaral. Ito ay isang pangangailangang nangangailangan ng paghahanda.

Ibinahagi ng ilang mag-aaral ng kahirapang kanilang naranasan katulad sa pagsulat ng introduksiyon ng pananaliksik. Binanggit ni Inez (2015) na ang pagsulat ng pananaliksik ay maaaring mahirap at nakabibigla. Ipinaliwanag rin niya na hindi ito madaling paraan ng pagsulat. Kailangan ang sapat na panahon at pagsisikap na maghanap at magsagawa ng mga ebalwasyon ng mga sangguniang gagamitin, ayusin ang mga impormasyon at maisulat ito. Ipinapaunawa lamang na ang pagsulat ng pananaliksik ay hindi madaling gawain. May mga hakbang na mahalagang gawin. Kaya ito ay mapanghamon. Tinukoy ni Benzon (2023) na ang pananaliksik ay isa sa mga pinakamapanghamong gawaing kailangang harapin ng mag-aaral. Ipinapahiwatig lamang nito na ang pananaliksik ay gawaing kinakailangang gawin ng mag-aaral. Ito ay isang pangangailangang nangangailangan ng paghahanda.

Maging sa pagsulat ng tiyak na mga suliranin ng pananaliksik, nahirapan ang ilang mag-aaral. Sadyang mahirap sa mga mag-aaral na makapaglahad ng tiyak na mga suliranin ng isang pananaliksik. Ang karanasang ito ng mga mag-aaral ay hudyat na mahalagang mabigyan ng atensyon ang pagtuturo sa tamang pagsulat ng mga tiyak na suliranin ng pananaliksik. Sa kinalabasan ng pag-aaral ni Asisa (2021) kaugnay sa pagpapalit-palit ng mga mag-aaral sa mga tanong, ang pagkabalisa ay nagbubunga ng maraming kamalian. Ito ay katotohanang kapag hindi batid ang isusulat ay lalong nakabubuo ng maraming kamalian sa pagsulat na dahilan ng maling direksyon ng pagsasagawa ng mga proseso sa pananaliksik. Kung gayon ang pagsulat ng tiyak na mga suliranin ng isang pananaliksik ay mahalagang nauunawaan ng mga mag-aaaral upang mailahad nila ang tama at mahahalagang mga impormasyong kaugnay sa pananaliksik.

Sa isinagawang pag-aaral nina Yamin at Purwati (2019) kanilang nailahad na ang mga mag-aaral ay dapat may kakayahan sa pagsulat ng paglalahad ng tiyak na mga suliranin. Sa pag-aaral din ni Odunze (2019) natukoy din niya na hindi

malinaw ang pagkakalahad ng tiyak na mga suliraning gabay sana ng mga mambabasa sa pag-unawa sa pagbasa. Kaya mahalagang mapag-aralang mabuti ng mga mag-aaral ang tiyak na mga tanong na ilalahad. Ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pangkalahatang suliranin ng pananaliksik ay mahalaga upang magkaroon ng ideya ang mga ito sa tamang proseso sa pag-aaral, sa pagbasa ng mga babasahing kaugnay sa paksa at pagsusuri ng ilalahad na tiyak na mga suliranin ng pananaliksik Kahirapan sa pagtukoy at pagsunod sa mga proseso ng gagamiting pamamaraan ng pananaliksik ang suliranin din na naranasan ng mga mag-aaral. Sa mga karanasang ito ng mga mag-aaral, inihahatid lamang ang kahalagahan ng paggabay at pagturo nang malinaw sa mga ito upang maging angkop at tamang pamamaraan ng pananaliksik ang gagamitin. Sa pag-aaral pa rin na ginawa ni Alsied (2019) naipaliwanag niya na ang pagsulat ng bahaging ito ang naging suliranin ng mga mag-aaral. Gayundin sa pag-aaral nina Ngoc (2021) na ang naging suliranin ng mga mag-aaral ay kung paano ang pagbibigay kahulugan sa mga nalikom na datos gamit ang pamamaraan ng pananaliksik. Kung gayon, mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik. Gayundin, mahalagang malinang ang kakayahan ng mga ito sa pagtukoy at pagsuri ng angkop na pamamaraang gagamitin sa pananaliksik dahil nakaugnay din sa pamamaraang gagamitin ang pagbibigay interpretasyon at kahulugan sa mga malilikom na datos.

Tungkol naman sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng bahaging lugar at kalahok ng pananaliksik, naging mahirap ang pamimili ng mga kalahok. Ang pagpili ng mga kalahok ay mahalaga dahil ang katotohanan at kahalagahan ng mga kaalamang ibabahagi ang pangunahing isinasaalang-alang. Ang datos na makakalap sa mga kalahok ang buhay ng isang pananaliksik. Paliwanag nina Azmat (2022) kung minsan ang pagpili ng mga kalahok ay magiging hamon na isagawa dahil ang paglikom ng datos mula sa mga ito ay isang pangkalahatang pagpapasya. Kung gayon, ang pagpili ng mga kalahok ay maituturing na isang hamon ay mahalagang isagawa.

Sa pagsulat naman ng kasangkapan sa paglikom ng datos, lumabas na walang ideya, maraming mga tanong na hindi sakop, hindi batid kung ang pag-uugnay ng mga tanong sa mga nailahad na suliranin, naging mahirap at pinag-isipan ito ng mga mag-aaral. Nahirapan din ang mga ito sa mga katanungang itatanong. Ang impormasyong ito ay katulad sa pag-aaral ni Fitria (2022) na ang mga mag-aaral ay may pag-aalinlangan sa kanilang ginagawa. Ang kaalamang ito ay walang pagkakaiba rin sa resulta ng pag-aaral ni Tiwari (2019) na ang naging hamon sa mga mag-aaral ay ang paggawa ng wastong talatanungang gagamitin sa paglikom ng datos. Sa naibahagi naman ni Campillan (2018), ang pagbuo din ng kasangkapang gagamitin sa paglikom ng datos ang naging suliranin ng mga mag-aaral. Ito ay patunay na ang kawalang ideya sa mga tanong na kaugnay sa pagbuo ng talatanungang gagamitin sa paglikom ng datos ay hindi ipinagwawalang bahala. Mahalagang maunawaan at masuring mabuti ng mga mag-aaral ang mga tanong na isusulat sa kasangkapang gagamitin sa paglikom ng datos upang matukoy kung mahalagang tanong ang mga ito sa pagtugon at paglinaw sa mga impormasyong dapat mailahad sa pananaliksik.

Sa pagtalakay naman ng nalikom na datos, ang mga mag-aaral ay nahirapan dahil hindi gaanong malawak ang sagot ng mga kalahok.Ang karanasang ito ng mga mag-aaral sa pagsulat ng bahaging ito ng pananaliksik ay hindi nalalayo sa resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Quinto (2022) hinggil sa pagtalakay sa mga nalikom na datos na naging isang hamon sa mga mag-aaral. Maging sa pag-aaral na isinagawa ni Leonares (2019) na ang mga mag-aaral ay nahirapan sa pagsusuri ng datos. Ipinapahiwatig lamang na salat ang mga mag-aaral sa mga kaalaman kung paano ang pagbibigay kahulugan sa mga resulta ng pananaliksik. Ipinababatid din na posibleng kulang sa pagsubaybay ang guro sa mga mag-aaral sa mga gawain sa pagtalakay ng mga impormasyon. Gayundin naman sa resulta ng pag-aaral ni Komba (2015) na ang pagtalakay ng mga mag-aaral sa resulta ng pananaliksik ay may kakulangan. Patunay lamang na ang mga mag-aaral ay kulang sa karanasan at kasanayan sa mga paraan kung paano ilahad at suriin ang nalikom na datos. Ang paglalahad ng datos sa paraang maayos, malinaw at kumpleto ay napakahalaga dahil dito mababatid ang mga katugunan ng mga tiyak na mga suliraning inilahad. Ang wastong pagbibigay kahulugan at pagpapaliwanag sa datos na nalikom ay magiging batayan sa mga nararapat na pagsasagawa ng mga kilos o pamamaraang mahalagang isagawa upang magkaroon ng kasagutan at kaliwanagan ang anumang suliraning dapat matugunan.

Kawalan ng Pakikiisa ng mga Kalahok sa Pagbabalik ng mga Talatanungan

Ang kawalan ng pakikiisa ng mga kalahok ang suliraning naranasan. Mababatid sa

pag-aaral na isinagawa nina Alsied at Ibrahim (2017) na nahirapan ang mga mag-aaral sa pangongolekta ng mga kasangkapang ginamit sa paglikom ng datos. Ito rin ay walang pinagkaiba sa kinalabasan ng pag-aaral nina Mohamed, Abubakar, Karie at Khalif (2022) na nahirapan ang mga mag-aaral sa pangongolekta mula sa mga kalahok ng mga ginamit na kasangkapan sa paglikom ng datos. Ipinapahiwatig lamang nito na mahalagang ipaliwanag sa mga kalahok na mahalaga ang pakikiisa ng mga ito sa pagsagot ng mga tanong o sa pagbabahagi ng mga ito ng mga impormasyong kaugnay sa pag-aaral. Maging sa pagbalik ng mga talatanungan o mga kasangkapang ginamit sa paglikom ng datos sa itinakdang oras, mahalagang ito din ay maipaliwanag.

Kahirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagpili ng Paksa ng Pananaliksik

Kaugnay naman sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagpili ng paksa ng pananaliksik, may dalawang mag-aaral na hindi gaanong nahirapan. *S*a isinagawang pag-aaral ni Misa (2021), nabatid na nasa "panimula" na antas ang kakayahan ng mga mag-aral sa pagpili ng wastong salita, kayarian ng pangungusap at lohikal na organisasyon. Sa kinalabasan din ng pag-aaral ni Rabuya (2023) mas pinipili ng mga mag-aaral ang Ingles. Bagaman ito ang naging suliranin sa pagsulat ng pananaliksik ng ilang mag-aaral dahil sa paggamit ng Wikang Filipino, mahalaga pa rin na itaguyod at pahalagahan ang paggamit ng wikang ito sa edukasyon. Maaaring sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga asignaturang nakapokus sa pagpapalaganap at pagpapahalaga sa kultura at wika ng bansa. Walang ipinagkaiba din ito sa iminu-mungkahi ni Dominguez (2022) na ang pagpapatuloy sa paggamit ng Wikang Filipino sa mga talakayan at ang pagkaroon ng sariling pagsasanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika upang mas mabisa at mahusay ang paggamit ng mga ito sa talakayan. Bukod sa pagtaguyod sa mga mag-aaral sa ganitong paraan, ipaunawa na malayo na maganda ang Wikang Filipino. Patunay lamang na ang mga kagamitang babasahing nakasulat gamit ang wikang ito katulad ng mga dokumentasyon, mga artikulo at mga babasahing jornal. Sikaping hikayatin ang mga mag-aaral na magsagawa ng matiyagang pagbasa dahil makatutulong ito sa paglinang ng tamang pagpapahayag gamit ang Wikang Filipino.

Kakulangan ng mga Sanggunian Kaugnay sa Paksa ng Pananaliksik

Ang kakulangan ng mga sanggunian ang isa sa mga natukoy na suliraning naranasan ng mga mag-aaral. Ito ay nakaapekto sa pagsulat ng intro-duksiyon. Ipinahihiwatig nito na ang kakulangan ng mga kaugnay na mga sanggunian ang naging sulira-nin ng mga mag-aaral. Sa isinagawang pag-aaral ni Altikriti (2022), ang kakulangan ng mga sanggunian para sa pananaliksik at ang pagtitiwala sa *internet* para sa pangkalahatang impormasyon kumpara sa higit na paglikom ng datos mula sa mga tunay na sanggunian katulad ng mga aklat at mga artikulo sa mga silid-aklatan ay isang suliranin. Maging sa pag-aaral pa rin nina Alsied at Ibrahim (2017), ang isang dahilan ng negatibong saloobin ng mga guro sa mga gawain ng kanilang mga mag-aaral ay ang kakulangan ng mga sanggunian sa silid-aklatan. Kung gayon, ang pagkakaroon ng sapat na mga sangguniang magagamit ng mga mag-aaral ay mahalagang mapagtuunan. Mahalagang ito ay mapaghandaang mabuti ng mga mag-aaral. Isang malawakang pagbasa ng mga iba't ibang sanggunian kaugnay sa paksa ang mahalagang gawin ng mga mag-aaral. Bunga nito, ang mga impormasyong ilalahad sa pananaliksik ay pawang makatotohanan. Sa paliwanag ni Dade (2023), napakahalagang ang mga impormasyon ay wasto at mapagkakatiwalaan. Karagdagan, ang pagkakaroon ng mayamang sanggunian ang bunga ay hindi limitadong mga konseptong ilalahad. Gayundin, ang paggamit ng maraming sanggunian ay nakatutulong sa pag-usad ng isinasagawang pananaliksik.

Kadalian ng Pagsulat sa ilang Bahagi ng Pananaliksik

Sa kabila na may mga mag-aaral na nakaranas ng mga suliranin sa pagsulat ng pananaliksik, may ilan sa kanila ay naging madali ang pagsulat.Ang kadalian sa pagsulat ay dulot ng mga sanggunian at pagbasa. Sa pag-aaral na ginawa ni Habibi (2015), may malaking pagbabago sa pagsulat ang mga mag-aaral dahil sa pagbasa. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng mga magagamit na sanggunian, mahalagang gawin ang pagbasa upang may mapagbabatayan sa mga detalyeng ilalahad. Ang mga detalyeng may kapani-paniwalang batayan ay nagbibigay ng tiyak na kaalaman.

Sa bahaging pamamaraan naman ng pananaliksik, may mga mag-aaral na hindi naka-ranas ng mga suliranin. Sa pagsunod sa mga instruksyon sa pagsulat ng pananaliksik, may ilang mag-aaral ang gumamit ng pamamaraang kwantitatibo dahil mahalagang nakaugnay sa *track*

o disiplinang kinabibilangan ng mga ito ang kanilang pananaliksik. Magkagayunman, naging madali sa kanila ang pagsulat ng bahaging ito. Nangangahulugang sapat ang kakakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral sa bahaging ito ng pananaliksik. Ngunit makabubuting patuloy na ibigay sa mga mag-aaral ang mga kaalamang tungkol sa mga pagbabago katulad ng pagdalo ng mga ito sa mga seminar o anumang anyo ng pagpupulong. Sa pag-aaral ni Franco (2021), isang mungkahi nito ay ang pagdalo ng mga mag-aaral sa mga simposyum habang isinasagawa ng mga ito ang pagsulat ng pananaliksik. Sa pag-aaral din nina Marcos at Discutido (2017), iminungkahing ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga worksyap sa mga mag-aaral upang magabayan sa pagsulat ng pananaliksik ang mga ito. Nais ipakahulugan na mahalagang maging kalahok sa mga seminar at mga worksyap ang mga mag-aaral. Ang mga naituturo sa mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan ay mainam na patuloy na mapalawak para higit na mapayaman ang kaalaman at karanasan ng mga ito sa pagsulat ng pananaliksik. Kaugnay naman sa karanasan ng mga mag-aaral sa bahaging pagtukoy sa lugar at kalahok ng isang pananaliksik, hindi sila nakaranas ng suliranin.Ang karanasang ito ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa paliwanag nina Mesa at iba pa (2016), natukoy ng mga ito na bahagi ng pagpapaplano ang pagtukoy ng "sample" ng mga kalahok, ang katangian ng mga ito at ang pagpili sa mga ito. Maging sa kinalabasan ng pag-aaral nina Vaseleiou (2018), bahagi ng kanilang paliwanag na maging tapat sa pagtukoy ng mga kalahok at alamin kung sapat ang datos mula sa mga ito. Kung gayon, ang pagtukoy sa mga posibleng kalahok sa isang pananaliksik ay mahalagang matukoy at mapag-usapan sa maagang panahon. Ang katiyakan sa pagkakaroon ng tiyak na kalahok at saklaw ng paghahanguan ng datos ay pag-iwas sa mga posibleng magiging sagabal sa pag-usad ng pananaliksik.

Sa pangongolekta naman ng mga mag-aaral sa kasangkapang katulad ng talatanungang ginamit sa paglikom ng datos ay naging madali ang pagsasagawa ng ilan sa kanila. Sa partisipasyon ng kalahok nakasalalay ang madaling pangongolekta ng mga kagamitang nagamit sa paglikom ng datos. Bagaman may ilang mag-aaral na mula sa ginawang pagbasa ang mga inilahad na datos na dahilan ng hindi paggamit ng mga ito ng sariling gawang kasangkapan ay hindi nangangahulugang madali ang isina-sagawang pananaliksik. Ang mahalaga ay ang maingat sa pagsusuri at pag-unawa ng tama ng mga nilalaman ng materyal na sinusuri. Bahagi ng paliwanag ni Luo (2022) sa pagsusuring nilalaman, sistematikong pinipili mula sa *set* o grupo ng mga mensahe. Paliwanag din ni Bengtson (2016) sa pagsusuring nilalaman, organisadong inaayos ang kahulugan mula sa datos upang makapagbuo ng kapani-paniwalang kongklusyon. Kaya, mahalagang sa pananaliksik, nakabubuting naiintindihan ang mga kadahilanan sa paggamit ng mga pamamaraan sa paglikom ng datos. Mahalagang malaman ang mga kabutihan sa paggamit ng pamamaraang ito sa pananaliksik. Mahalagang maunawaan ang mga proseso sa paggamit ng angkop na pamamaraang gagamitin sa pananaliksik upang may katiyakan ang mga konsepto o mga kaalamang ibabahagi sa isang pananaliksik. Naging madali pa rin sa mga mag-aaral ang pagsulat ng etikal na konsiderasyon ng pananaliksik. Ipinapahiwatig lamang nito na ang pagsulat ng mga mag-aaral sa bahaging ito ng pananaliksik ay hindi naging suliranin. Palatandaang ito ay naunawaan ng mga mag-aaral kaya nasunod ng mga ito ang mga dapat isaalang-alang sa mabuting pagpapasya sa paggawa ng mga proseso para sa paglikom ng datos at pagsusuri ng mga ito katulad ng pagkakaroon ng respeto, katapatan, integridad, pag-iingat, bukas na pananaw, pagbigay-galang sa kaisipan ng iba, pagiging kompidensiyal ng datos na mga mahahalagang dapat isinasaalang-alang bilang manunulat ng pananaliksik. Tinukoy ni Coe (2017) na mayroong pagkatuto kung may malinaw at nauunawaan ang mga instruksyon. Naipaliwanag din ni Man (2021) na ang dakilang guro ay nauunawaan ang nilalaman ng itinuturo at kung paano ito ituro. Samakatuwid, nakasalalay ang pagtuturo ng guro at paggabay nito ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pagtalakay sa kinalabasan ng datos ay naging madali pa rin ito sa ilang mag-aaral.Ipinapakahulugang ang mga mag-aaral ay kanilang naunawaan kung paano bigyang kahulugan at ipaliwanag ang datos na nalikom na taliwas sa kinalabasan ng pag-aaral nina Glancy et al. (2017) napansing ang mga mag-aaral ay nahirapan sa pagbibigay kahulugan sa mga pagkakaiba-iba ng datos. Ang kakulangan ng kaalaman sa bahaging ito ng pananaliksik ay sagabal sa pagsulat ng mga mag-aaral. Kaya mahalagang matiyak na maituro nang tama at mabuti sa mga mag-aaral ang tamang pagbibigay interpretasyon sa datos. Tinukoy ni Calzon (2024) na ang kahalagahan ng pagbibigay kahulugan sa datos ay mababasa kaya kailangang maging maayos at tama ang pagpagpapaliwanag. Maging sa pag-aaral nina Groth at Choi (2023), natukoy ng mga ito na ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa

pagbibigay kahulugan ng datos ay mahalagang kinalabasan sa edukasyon. Ang tamang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan sa mga nalikom na datos ay dahilan ng pagiging madali sa pagsulat ng bahaging ito ng pananaliksik.

Ang bahaging kongklusyon ng pananaliksik ay naging madali ang pagsulat ng ilang mag-aaral. Ipinapakahulugan nito na batid ng mga mag-aaral ang pagsulat sa bahaging ito ng pananaliksik. May kaalaman sila kung paano ilahad lamang ang mga mahahalagang kaalamang kinalabasan ng isinagawang pananaliksik na tumutugon sa mga tiyak na suliraning inilahad na mahalagang mabigyan ng mga kasagutan. Nabanggit ni Mccombes (2021) na ang kongklusyon ay dapat makapagbigay ng kahalagahang nagtatapos at kukumpleto sa argumentong inilahad. Sa mga tagasuri, ang bahaging ito ang kadalasang unang binabasa. Ayon sa International English Language Testing System, ang kongklusyon ay mahalagang kapani-paniwala. Mahalagang ito ay mapanghahawakan. Kung gayon, ang bahaging ito ng pagsulat ng pananaliksik ay mahalagang nalinang na sa mga mag-aaral upang matiyak kung ang mga nailalahad ng mga ito ay mga pahayag na naghahatid ng mga kaalamang maaaring magbigay ng hudyat o basehan sa kalinawan ng masalimuot na sitwasyon o kaganapang nangangailangan ng pagtugon.

Sa pagsulat naman ng rekomendasyon ng pananaliksik, napansing walang naging suliraning naranasan ang mga mag-aaral. Ang isang mananaliksik na nauunawaan ang bahaging rekomendasyon ay nangangahulugang malinaw at naintidihan ang mga suliraning inilahad sa pananaliksik. Sa pagbanggit ni Nair (2024), natukoy nito na ang isang batayan sa pagbibigay ng rekomendasyon ng pananaliksik ay ang pag-unawa sa mga suliraning inilahad. Natukoy naman ni George (2022) na ito ang bahaging kasama sa diskusyon at kongklusyon. Kaugnay din ang pahayag na ito sa natukoy ni Alex (2023) na ang rekomendasyon ay mga mungkahing batay sa kinalabasan ng pananaliksik. Ang rekomendasyon ay mga kaisipang maaaring isagawa tungo sa ikauunlad ng isang paksa o ng pag-aaral.

## III. MGA PINAKAMABISANG GAWAING ISINAGAWA NG MGA MAG-AARAL UPANG MAPAGTAGUMPAYAN ANG PAGSULAT NG PANANALIKSIK

Pangkatang Pag-uusap ng mga Mag-aaral

Ang pangkatang pag-uusap ng mga mag-aaral ay mabuti ang naging epekto nito sa kanilang pagkatuto. Sa pag-aaral nina Li, Zhang at Parr (2020) sa pangkatang pag-uusap, pinapahintulutan ang mga mag-aaral bilang grupo at kung paano pamahalaan ng mga ito ang proseso ng isang gawain. Sa kinalabasan ng pag-aaral ni Ismail (2020), ang mga mag-aaral ay hindi lang nakakapagbahagi ng kanilang mga ideya kundi nahikayat din ang kanilang mga kamag-aral. Kaya ang kanilang kakayahan sa kanilang pakikipag-interaksyon at pagkatuto ay nalilinang. Ito ay walang pinagkaiba sa kinalabasan ng pag-aaral nina Rahmat at Jon (2023) na nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-interaksyon at nahihikayat ang mga ito na magsalita at igalang ang ideya ng iba sa pamamagitan ng pangkatang diskusyon. Sa pag-aaral naman nina Hotmaria1 Pardede at Sinurat (2019) kaugnay sa pangkatang diskusyon o pag-uusap ng mga mag-aaral higit na may pokus at nagiging masaya pa ang mga ito sa kanilang pagkatuto. Nais lamang ihatid nito na ang pangkatang diskusyon ng mga mag-aaral ay nag-iiwan ng malayang pagkakataon na makapagpahayag ang mga ito ng kanilang mga kaisipan. Nabibigyan din ng pagkakataon ang mga ito na pakinggan at pag-aralan ang mga kaisipang ibinabahagi ng kanilang mga kasama sa grupo o kamag-aral. Gayundin, ang pangkatang diskusyon ay daan sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang kakayahan sa pagsasalita. Kaya sa ganitong daloy o proseso ng diskusyon ng mga mag-aaral ay nalilinang ang kakayahan ng mga ito sa malayang pagtalakay na may pagkakaisa. Gayundin, nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng kaisipang naibabahagi ng may paggalang.

Pagkonsulta sa Guro ng mga Mag-aaral

Isa pang pinakamabisang paraan na ginawa ng mga mag-aaral ay ang pagkonsulta sa mga guro. Ito ang paraang ginawa ng mga mag-aaral upang magkaroon ng paglilinaw kaugnay sa mga panuto at pagsagawa ng isang gawain. Ang pagkonsulta ng mga mag-aaral sa kanilang mga guro ay mahalaga dahil ito ang pagkakataon na mapag-usapan ang mga ilang suliraning nagiging balakid sa pag-usad ng paggawa ng isang gawain. Ayon kina Pope at Pace (2019), ang konsultasyon ay mahalaga sa akademik na tagumpay ng mag-aaral na batid ng guro ang mag-aaral - sosyal, personal at akademik upang lubos mapagsilbihan ang mga ito. Walang pagkakaiba ang kaisipang ito sa paliwanag ni Sappapan (2022) sa kaisipan ni Pargett (2011) na ang guro ay may mahalagang papel sa akademik na tagumpay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtuturo sa

buong karerang akademik at sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga ito ng ekspertong payo at ang mga iba pang mapagkukunan para mapabuti ang paglinang at pagkatuto. Kung gayon, ang pagkonsulta ng mga mag-aaral sa mga guro ay isang daan upang matulungan ang mga ito sa kanilang pag-aaral. Upang magabayan ang mga ito sa kanilang mga akademik na pangangailangan. Sa mga tamang paggabay ng mga guro, ang mga mag-aaral ay natutulungan.

## IV. ANG NABUONG MODELONG MODYUL BILANG GABAY SA PAGSULAT NG ILANG BAHAGI NG PANANALIKSIK

Ang Modelong Modyul ay nabuo batay sa mga naging resulta ng mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik katulad ng kahirapan sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananalik, kawalan ng pakikiisa ng mga kalahok sa pagbabalik ng mga talatanungan, kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagpili ng paksa. Ito ay maaaring gamitin bilang karagdagang kagamitang panturo sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik ng mga mag-aaral**.** Ang model na ito ay binubuo ng ilang modyul na tumatalakay sa ilang gabay sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik. Ayon kay Thanavathi (2022), ang modelo ay naglalarawan ng isang proseso sa pagbuo ng isang sitwasyon upang malinang ang pakikilahok ng mag-aaral tungo sa pagtamo ng isang pagbabago. Sa pagtalakay naman nina Eyuboğlu1 at Dalkıran (2020) sa kaisipan ni Guzel (1998), ang modelo ay kilala sa katawagang bukas na pagpapahayag at aktibong pagtuturo. Ito ay nangangailangan ng organisadong programa at maging sistematiko sa paggamit ng kagamitan na layuning malinang ang isang kasanayan at mataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Kung gayon, ang modelo ay gabay sa pagsunod ng mga instruksiyon sa pag-aaral tungkol sa isang paksa. Naglalaman ito ng mga instruksiyong malinaw at tiyak upang matulungan ang mga mag-aaral sa isang praktikal at sistematikong paraan ng pagkatuto. Gayundin, layunin na makaranas ang mga mag-aaral ng karanasang lalong makatutulong sa kanilang aktibong pakikilahok tungo sa matagumpay na pagkatutuo Ang isang kagamitang pampagtuturo ay ang modyul. Ayon kina Carullo at Burton (2016), ang modyul ay tinatawag na *self-contain unit* na nakapokus sa isang tiyak na pagkatuto. Sa ilang bahagi ng naman ng paliwanag nina Shiyamsyah, Yuliani at Rahayu (2024), ang modyul ay kagamitan, metodolohiya, paraan at gabay mula sa isang *independent* na kurikulum. Kung gayon, ang modyul ay naglalaman ng mga pagtalakay tungkol sa isang tiyak na paksa. Naglalaman ito ng mga magkakasunod na iba't ibang bahagi na naglalaman ng mga instruksiyong mahalaga sa pag-unlad ng pagtalakay.

## V. ANG NABUONG MODYUL

Ang modelong modyul ay naglalaman ng mga modyul na gabay sa pagturo ng pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik. Ito ay ibinatay sa modelong 5E na nabuo ng *The Biological Science Curriculum Study* sa pangunguna ni Roger Bybee. Ito ay ang *engage o* pakikilahok, *explore* o paggalugad*, explain o* pagpapaliwanag*, elaborate o* pagpapalalim *at evaluate o* pagtataya*.* Ang *engage* o pakikilahok ay naglalayong mabatid ang kahalagahan ng aralin sa akademik na pakikipagsapalaran, sa espesyalisasyon ng pinagkakadalubsahaan at sa hinaharap na gawain o propesyon. Ang *explore* o paggalugad naman ay naglalahad ng mga aralin gamit ang mga kagamitang pampagtuturong mga babasahin na susuriin o gagalugadin. Samantala ang *explain* o pagpapaliwanag ay naglalaman ng gawaing nagbibigay ng pagkakataong maibahagi ang kahalagahan ng mga gawain na ginawa sa bahaging *elaborate* o pagpapalalim ay pagkakataon sa guro na maipaliwanag ang mga impormasyong mula sa mga kagamitan para sa kaalaman ng mga mag-aaral na magbibigay ng karagdagang tala o babasahin para sa karagdagang paliwanag sa kagamitang pampagtuturo na nailahad sa bahaging *explore* o pagsiyasat*.* Ang mga karagdagang kagamitang pampagtuturo ay maaaring *article reviews, videos,* komentaryo o iba pang mga kagamitang pantulong sa pagtuturo sa lalong pag-unawa ng paksa. Samantala ang *elaborate* o pagpapalawak ay layuning maisagawa ang mga pinakamahalagang konseptong natutunan sa aralin. Ito ay magbibigay ng pagkakataong mahasa ang kaalaman at mga kasanayan ng mag-aaral bago gawin ang *evaluate* o pagtataya sa sarili, pagtataya ng kasamahan, takdang-aralin at eksaminasyon. Kaya mapapansin sa mga modyul ng model na ito ang mga 5E.

Ang Modelong Modyul ay binubuo ng mga modyul kaugnay sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik. Ito ay nabuo sa layuning magabayan ang mga mag-aaral sa tamang direksyon at proseso sa kanilang pagsulat. Gayundin, layunin ng model na ito na ipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagsulat ng pananaliksik ng may tiyaga at pagpapahalaga upang makasulat ng isang makahulugan at makabuluhang pananaliksik. Ang isang pananaliksik na isinulat ng may saysay ay

maaaring daan sa pagpapalawak ng kaalaman, kagamitan sa pagpapatunay ng isang kaisipan at posibleng magiging instrumento sa pagbukas ng pag-aaral ng iba pang mahahalagang mga impormasyon na maaaring kaugnay sa iba't ibang larangan ng kaalaman.

Balangkas ng Nabuong Modyul

Modyul 1. Ang Paksa ng Pananaliksik Gamit ang Wikang Filipino.

Modyul 2. Ang Introduksyon ng isang Pananalik-sik.

Modyul 3. Pagsulat ng Paglalahd ng Tiyak na Suliranin ng Pananaliksik

Modyul 4. Tamang Pagtukoy sa mga Tiyak na Kalahok sa Isang Pananaliksik

Modyul 5. Ang Paggamit ng Angkop na Pamamaraan ng Pananaliksik Batay sa Paksa

Modyul 6. Paglalahad ng Wastong mga Tanong para sa Isang Talatanungan para sa Paglikom ng Datos ng isang Pananaliksik.

Modyul 7. Pagtatalakay ng Malinaw, Wasto at Maayos na mga Nalikom na Resulta ng Pananaliksik.

Layunin ng mga Modyul

Modyul 1. Inaasahang ang mga mag-aaral ay nakasusulat ng isang malinaw na introduksyon ng isang pananaliksik.

Modyul 2. Inaasahang ang mga mag-aaral ay nakasusulat ng isang malinaw na introduksyon ng isang pananaliksik.

Modyul 3. Inaasahang ang mga mag-aaral ay nakapaglalahad ng tamang tiyak na mga suliranin ng isang pananaliksik.

Modyul 4. Inaaasahang ang mag-aaral ay natutukoy ang mga tiyak na kalahok sa isang mananaliksik.

Modyul 5. Inaasahang ang mga mag-aaral ay nakagagamit ng angkop na pamamaraan ng pananaliksik batay sa paksa.

Modyul 6. Inaasahang ang mga mag-aaral ay nakapaglalahad ng wastong mga tanong para sa isang talatanungan para sa paglikom ng datos ng isang pananaliksik.

Modyul 7. Inaasahang ang mga mag-aaral ay nakapagtatalakay ng malinaw, wasto at maayos na mga nalikom na resulta ng pananaliksik.

Mga Bahagi ng Bawat Modyul

Naglalaman ng sumusunod na bahagi.

1. *Engage o* pakikilahok. Pagbatid sa kahalagahan ng aralin.
2. *Explore* o paggalugad. Paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng aralin.
3. *Explain o* pagpapaliwanag. Pagpapaliwanag ng mga gawain sa pagtuturo ng paksa.
4. *Elaborate* o pagpapalalim. Pagpapaliwanag ng mga impormasyon mula sa mga kagamitang pampagg ginamit sa pagtuturo ng paksa.
5. *Evaluation* o pagtatasa. Pagbibigagay ng mga eksaminasyon, maikling pagsusulit at takdang - aralin.

Modyul 1. Ang Paksa ng Pananaliksik Gamit ang Wikang Filipino.

Panimula

Malayo na ang narating ng Wikang Filipino. Ayon kay Petras (2024), ang Wikang Filipino ay malaon na ang narating dahil naririnig na gamit ito sa mga talakayan ng mga Pilipino sa loob at labas ng Pilipinas. Ayon pa sa kanya, may mga programa ng pag-aaral ang Wikang Filipino sa mga ilang malalaking pamantasan at kolehiyo na matatagpuan sa Estados Unidos, Hapon, Korea, Pransya at Rusya. Kung gayon ay patuloy ang paglawak sa paggamit ng Wikang Filipino sa pag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang Wikang Filipino ay daan sa pag-aaral ng mga kaalaman. Sa larangan ng pananaliksik, tinukoy pa rin ni Petras na patuloy na lumalawak ang Wikang Filipino. Maraming sulatin at pananaliksik sa larangan ng agham panlipunan at humanidades maging sa matematika, agham, ekonomiya, tahanang pang-ekonomiya, pagpaplanong urban, batas at medisina. Ipinapapakahulugan lamang na ang Wikang Filipino ay wika ng pagsulat ng mga iba't ibang kaalaman ng iba't ibang disiplina. Ito ay wika ng pananaliksik sa iba't ibang larangan ng kaalaman. Ngunit may mga ilang mag-aaral na nahihirapan sa pagsulat ng pananaliksik katulad ng pagpili ng paksa dahil sa Wikang Filipino ang gamit na nagiging sagabal sa kanilang pagsulat. Bagaman may mga mag-aaral na nahihirapan sa paggamit ng Wikang Filipino, ang pagtanggap na ang wikang ito ay may kakayahan at daan sa pagkatuto ng anumang larangan ng kaalaman ay makatutulong sa suliraning ito. Gayundin, ang matiyagang pagbasa ng mga iba't ibang artikulo at pananaliksik na nakasulat gamit ang Wikang Filipino ang mga pinakatugon sa suliraning kahirapan sa pagpapahayag sa pananaliksik dahil ang gamit ay hindi Wikang Ingles.

Pakikilahok

Sa pagtalakay ng aralin, gawin ang instruksyon sa bahaging gawain.

Gawain

International Journal of Humanities Social Science and Management (IJHSSM)
Volume 5, Issue 4, Jul. - Aug., 2025, pp: 325-344 ISSN: 3048-6874
www.ijhssm.org

Panuto. Isulat sa inilaang espasyo ang inyong paliwanag tungkol sa kaisipang kaugnay sa pagsulat ng pananaliksik.

"*Reading is at the heart of the research process*" ni Pavel Zemilansky.

Ilang Kahalagahan ng Pagbasa sa Pagsulat ng Pananaliksik

Walang maisusulat sa isang pananaliksik kung hindi isinagawa ang pagbasa. Kaya hindi maitatanggi na ang mga detalye o mga impormasyong ilalahad sa isang pananaliksik ay bunga ng iskolarling pagbasa. Mga binasang materyal na batay sa mga saliksik at pag-aaral. Ang sumusunod ay ilang kahalagahan ng pagbasa sa pagsulat ng pananaliksik.

Ang isang pananaliksik ay epektibo kung isinagawa ang malawakang pagbasa. Naipaliwanag ni Sawchuk (2023) na sa pananaliksik ang pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral na nakaugnay ang pagpapahalaga sa pagbasa ay hindi lang ito mabisa, ito ay epektibo. Malinaw na ipinapakahulugan lamang na ang pagsulat ng isang pananaliksik, mahalagang mapahalagahan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagsasagawa ng pagbasa kaugnay sa paksa.

1. Ang pagbasa ay daan sa paglalahad ng mga bagong kaalaman. Isang kabutihang bunga ng pagbasa ay nababatid ng tao ang mga bagong kaalaman. Ayon kay Sharer (2023) sa pagbasa ay lantad sa tao ang mga bagong impormasyon, mga kaisipan at mga perspektibo na mahalaga sa pagkakaroon ng malalim na pagpapakahulugan kaugnay sa paligid. Ipinauunawa na ang taong nagbabasa ay may kamalayan sa mga bagong impormasyon.
2. Ang pagbasa ay daan sa pagpapalawak ng bokabularyo. Tinukoy ni McCrossan (2023) na higit sa anumanggawain, ang bokabularyo ng tao ay higit na napapalawak dahil sa pagbasa. Kung gayon ay mahalagang isagawa ang pagbasa sa lalong ikalalawak ng paggamit ng mga salita tungo sa tiyak at mayamang pagpapahayag.
3. Pagpapabuti ng Pagpapahayag. Sa patuloy na pagbabasa, nalilinang ang kakayahan na magsulat ng tama, malinaw at epektibong pahayag. Binanggit ni Kalamata (2024), tiyak na nalilinang ang kakayahan ng tao sa epektibong pagpapahayag dahil lantad ito sa mga bokabularyo, gramatika at pangungusap sa pagsasagawa ng pagbasa. Upang matamo ang isang epektibong pagpapahayag, mahalagang pahalagahan ang pagbasa.

Samakatuwid, nagiging tiyak, nagiging malawak at mayaman ang pagpapahayag ng mga detalye sa pagsulat ng pananaliksik kung malawak ang pagbasa.

Pagpapaliwanag

May mga hakbang na mahalagang gawin sa pagbasa upang magkaroon ng isang makabuluhang paksa ng isang pananaliksik. Sa pagtalakay ni George (2022) kaugnay sa kahalagahan ng pagbasa sa pagsulat ng pananaliksik, may mga ilang hakbang na maaaring gawin upang magkaroon ng paksa para sa isang pananaliksik.

Gumawa ng listahan ng mga jornal na gagamitin.

Ang mga jornal ay maaaring regular na nailalathala. Siguraduhing isama ang mga jornal na naglalahtala ng mga bagong pagsusuri o nagbabahagi ng mga detalyeng eksperimental. Pagkatapos ilista lahat, muling balikan ang mga nailista upang mabatid kung lahat ay magagamit.

1. Paglalaan ng oras sa pagbasa ng mga jornal na nailista. Para sa isang makahulugan at makabuluhang paksa ng isang pananaliksik, maglaan ng oras sa pagbasa ng mga jornal upang mabatid at maunawaan ang mga kinalabasan ng pananaliksik na posibleng basehan ng paksa ng pananaliksik.
2. Magsimula sa pagbasa ng mga artikulong kaugnay sa disiplinang kinabibilangan. Ang pagbasa ng mga artikulong kaugnay sa disiplinang pinag-aaralan ay makatutulong upang lalong maunawaan ang mga sayantipikong proseso ng pagtuklas, malinang ang kasanayan sa kritikal na pangangatwiran at mapalawak ang pag-iisip. Makatutulong ang mga ito sa pagkakaroon ng mga bagong ideya at teorya sa pananaliksik.
3. Magsulat ng mga mahahalagang nabasa. Ang mga naisulat ay maaaring daan upang mabatid ang mga mahahalagang paksa na mahalagang pag-aralan.
4. Ayusin ng kronolohikal ang mga nabasang literatura. Sa pag-aayos, mababatid ang pag-unlad kaugnay sa terminolohiya, konsepto at pamamaraang kaugnay sa pananaliksik at maging ang pangalan ng mga mananaliksik tungkol sa paksa.
5. Makibahagi sa mga intelektwal na pag-uusap. Upang mapanatili ang interes sa paksa, aktibong makipagdiskusyon sa mga kamag-aral. Sa pagsasagawa nito ay mababatid din ang mga iba pang interpretasyon o pagpapakahulugan tungkol sa paksa tungo sa ikalalawak ng pag-unawa sa paksa ng pananaliksik.

Pagpapalalim
Gawain
Panuto. Bilang pagsisimula sa pagpili ng paksa, isulat sa inilaang espasyo ang lahat ng mga paksa, mga suliranin, mga karanasan at mga mahahalagang detalye na inyong mga nabasa mula sa mga jornal o mga artikulo na may kaugnayan sa inyong disiplinang kinabibilangan.

___________________________________________
___________________________________________

Pagtataya
Panuto. Magbigay ng tatlong (3) mungkahing paksang kaugnay sa inyong disiplinang kinabibilangan. Isulat ang mga ito sa espasyo. Maging handa sa pagbabahagi sa susunod na pagtalakay ang tungkol sa mga detalyeng inyong nabasa kaugnay sa kahalagahan ng pag-aaral ng mga paksang ito.

Modyul 2. Ang Introduksyon ng isang Pananaliksik.
Panimula
Ang introduksyon ng isang pananaliksik ay naglalaman ng pagpapakilala sa paksa. Ito ang bahaging kinapapalooban ng pagtalakay sa kaligiran ng paksa. Mababasa din sa bahaging ito ang kahalagahan ng pagsasagawa ng pananaliksik o layunin ng pagsasagawa ng pananaliksik. Gayundin, mababatid sa bahaging ito ang kontribusyon ng pananaliksik sa hinaharap kaugnay sa isang tiyak na kaalaman sa isang tiyak na larangan. Ang isang mabuting introduksyon ay nagbibigay ng malinaw na direksyon. Ang isang maayos na pagtalakay ng introduksyon ng isang pananaliksik ay magsisilbing gabay sa mambabasa kaugnay sa pokus ng pag-aaral. Gayundin, sa malinaw na pagtalakay, ang bunga ay pag-unawa sa nilalaman ng pag-aaral. Kaya ang interes ng mga mambabasa ay maaakit. Kung gayon, napakahalaga na makasulat ng isang introduksyon na malinaw, nauunawaan at nagbibigay sa kabuaung nilalaman ng isang pananaliksik.

Pakikilahok
Basahin ang introduksyon ng pananaliksik na pinamagatang *Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Senior High School sa Distrito ng Jones at San Agustin (Reading Skills of Senior High School Students in Jones and San Agustin Districts)* na sinulat ni Reynold Bartolome. Pagkatapos ay sagutin ang bahaging gawain.
Panimula
Bahagi ng kurikulum sa lahat ng antas ng edukasyon, ang elementarya, sekundarya at maging ang tersarya ang paglinang at pagpapatatag sa makrong kasanayan ng mga mag-aaral at ito ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa na may pag-unawa at pagsulat. Napakarami ng mga pag-aaral ukol sa mga kasanayang ito. Patunay lamang na sadyang napakahalaga ng mga kasanayang ito sa mga mag-aaral. Sa mga nabanggit, ang kasanayan sa pag-unawa ang higit na dapat pag-ukulan ng atensyon. Sinang-ayunan ito nina Villafuerte at Bernales (2008) ng kanilang binanggit na kailangang bigyan ng prayoridad ng mga paraan sa kasanayan sa pagbasa ang mapanuri at mataas na antas ng pag-iisip at mga kasanayang pangkomunikasyon at interaksyong sosyal. Sinasabing ang pagbasa na may pag-unawa ay nagbibigay daan sa aktibong dayalogo sa pagitan ng nagbabasa at ng awtor o manunulat. Sa pamamagitan ng episyenteng pagbabasa, mararamdaman ng mambabasa ang saloobin ng awtor. Gayundin, nasusuri, nahahamon at nabibigyan niya ng angkop na ebalwasyon ang nilalaman ng teksto. Marami ng pag-aaral at pananaliksik sa pagbabasa ang naisagawa. Marami ring pagpapakahulugan na naging bunga ng gawaing ito. Sinabi ni Goodman (1973) na ang pagbasa ay isang "psycholinguistic guessing game" kung saan ang nagbabasa ay bumubuo muli ng isang mensahe o kaisipang hango sa tekstong binasa. Para sa kanya, ang gawaing ito ng pagbibigay kahulugan ay isang patuloy na prosesong siklikal buhat sa teksto, sariling paghahaka o paghuhula, pagtataya, pagpapatunay, pagrerebisa at ibayo pang pagpapakahulugan. Nagbibigay si Caody (1979) ng elaborasyon sa kaisipan ni Goodman sa pagbabasa. Ayon sa kanya, para sa lubusang pag-unawa ng isang teksto, kailangan ang dating kaalaman ng tagabasa ay maiugnay niya sa kanyang kakayahang bumuo ng mga konsepto o kaisipan at kasanayan sa pagpoproseso ng mga impormasyong masasalamin sa teksto. Ang pagbabasa ay isang komplikadong sistema ng pagbibigay kahulugan mula sa mga nakalimbag na simbulo na kinakailangan ng mga mambabasa na kilalanin ang kaalaman sa paksa, iugnay ang dating kaalaman o karanasan, tatlong kasanayan sa pagbasa, kakayahang pangwika at ang motibasyon (Filled, 2003). Inaasahan na gagamit ang mga guro ng iba't ibang uri ng teksto sa pagtuturo ng pagbasa upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa. Ang iba't ibang uri ng teksto ay makatutulong hindi lamang sa pagpapalawak ng bokabularyo at kayarian ng wika. Nagagawa rin nitong maitaguyod ang paglalapat ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang pangunahing tunguhin sa pagtuturo

ng komprehensyon ay ang paglinang ng mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Inaasahan na ang gawaing ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na makabuo, makapagpaliwanag, makapaglapat at makapagpakahulugan ng mabisa sa mga tekstong pasalaysay, palarawan, pangangatwiran at paglalahad na kanilang maririnig at mababasa. Pangunahin sa tunguhin nito ay ang paglinang ng mataas na lebel ng proseso ng pag-iisip at hindi lamang simpleng paggunita ng mga impormasyong tuwirang nakalahad sa teksto. Isinasagawa ang isang pagtataya sa antas ng pagbasang may pag-unawa. Ang pagsusulit ay isang panukat na ginagamit ng guro upang sukatin ang paglalapat ng mga pagkatuto pagkatapos ng isang pagtuturuan. Bukod dito, ang isang guro ay nagbibigay ng pagsusulit upang makakuha ng mga impormasyong magagamit niya sa ebalwasyon ng mga mag-aaral pagkatapos ng isang yugto ng pagtuturo. Ang mga impormasyong makukuha ay magbibigay ng ilang kabatiran hinggil sa kagalingan ng isang pagtuturo-pagkatuto sa loob ng klasrum. Hinggil sa mga nakalap na impormasyon at pagsisiyasat sa pagbabasa, ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang tiyakin ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral ng Senior High School sa distrito ng Jones at San Agustin batay sa paggamit ng mga salita at batayang iskors sa pagbasa na ilan lamang sa mga pinag-aaralan sa kurikulum ng K to 12.

Gawain

Panuto. Batay sa binasang introduksyon, sagutin ang mga sumusunod na katanungan:
1. Ano ang paksa ng pananaliksik?
2. Ano ang pokus ng pananaliksik?
3. Ano ang mga layunin ng pananaliksik?

Paggalugad

May mga katangian tinalakay si Zepermick (2024) na dapat taglayin ng isang introduksyon ng pananaliksik. Ang mga katangiang ito ay mahalagang isaalang-alang.

Katangian ng isang Panimula ng Pananaliksik

1. Maaaring dagliang magsimula sa malawak patungo sa tiyak na pokus ng pananaliksik.
2. Ilahad ang kahalagahan ng paksa. Ilahad ang layunin. Ipaliwanag upang mapahalagahan ng mga mambabasa ang kahalagahan ng paksa. Mahalagang gawin itong maikli.
3. Lubusang ilahad ang paksa. Ilahad lamang ang mga mahahalaga at napapanahong literatura tungkol sa paksa.
4. Huwag lamang magpokus sa mga literaturang magkatulad ang kaisipan. Maglahad din ng iba pang literatura na naglalahad ng iba pang karagdagang punto ngunit nakaugnay pa rin ito sa paksa.
5. Mahalagang malinaw na ilahad ang mga katanungan ng pananaliksik. Ilahad ang pangkalahatang-ideya ng pananaliksik. Ilahad ang introduksyon sa maikling paraan. Ilahad ang kahalagahan ng pag-aaral. Talakayin ang kahalagahan ng pagsasagawa ng pananaliksik tungkol sa paksa.

Pagpapaliwanag

Paraan sa Pagsulat ng Introduksyon ng Pananaliksik

Ang pagsulat ng introduksyon ng pananaliksik ang panawag pansin sa mga mambabasa. Kaya mahalaga na maisulat ang bahaging ito ng maayos at malinaw dahil ito ang pangkalahatang ideya ng pananaliksik.

Ayon kay Caulfield (2023), may mga hakbang na maaaring gamiting gabay sa pagsulat ng introduksyon ng pananaliksik.

1.Pagpapakilala sa paksa**.** Ito ang unang inabanggit sa mga mambabasa upang magkaroon ng ideya ang mga ito tungkol sa pananaliksik.

2.Paglalarawan sa kaligiran ng paksa. Ibigay lamang ang mga mahahalagang detalye. Gayundin, ito ay maaaring talakayin sa paraang empirikal o paglalahad ng pangkalahatang ideya tungkol sa pananaliksik. Maaaring ilarawan sa paraang argumentatibo o paglalahad ng tiyak na nilalaman patungo sa pangkalahatang ideya tungkol sa pananaliksik. Kaya sa ganitong paraan ng paglalahad, nakabubuting maglahad ng mga kinalabasan ng mga nakaraang pananaliksik kaugnay sa paksa bilang pagpapatibay sa kahalagahan sa pagsasagawa ng pag-aaral.

3. Pagtukoy sa suliranin ng pananaliksik. Ang suliraning binibigyang tugon ay mahalagang maintindihan ng mga mambabasa. Ang pag-unawa sa suliranin ng pananaliksik ay ang dahilan upang masundan ng mga mambabasa ang mga pagtalakay sa nilalaman ng isang pananaliksik. Mahalagang matukoy sa bahaging ito ang mga basehan ng pagsasagawa ng pananaliksik. Maglahad ng mga kaugnay na mga literatura ng pananaliksik. Mahalagang matukoy din ang limitasyon ng pananaliksik. Talakayin din ang mga mahalagang kaalamang kontribusyon ng pananaliksik.

4. Pagtitiyak sa mga layunin. Mahalagang matukoy ang mga tiyak na layunin ng pananaliksik. Mahalagang malinaw na mailahad ang mga layunin. Upang maunawaan ang mga layunin sa pananaliksik, mahalagang malinaw na mailahad ang mga tiyak na suliranin ng pananaliksik.

International Journal of Humanities Social Science and Management (IJHSSM)
Volume 5, Issue 4, Jul. - Aug., 2025, pp: 325-344 ISSN: 3048-6874
www.ijhssm.org

Pagpapalalim
Panuto. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan gamit ang halimbawa ng introduksyon ng pananaliksik. Isulat ang malaking letrang A kung tama ang pahayag at B kung mali ang pahayag.

_____ 1. Ang paksa ng pananaliksik ay kaugnay
_____ 2. Ang paksa ng pananaliksik ay kaugnay sa pagbasa.
_____ 3. Ang tiyak na suliranin ng pananaliksik ay ang kasanayan sa pag-unawa.
_____4. Ang pagtiyak sa pag-unawa ng pagbasa ang layunin ng pananaliksik.

Pagtataya
Panuto. Isulat ang introduksyon ng inyong pananaliksik.

Modyul 3. Pagsulat ng paglalahd ng tiyak na suliranin ng Pananaliksik
Panimula

Ang paglalahad ng mga tiyak na suliranin ay ang sentro ng pananaliksik. Dito nakalahad ang mga tiyak na mga katanungang mabibigyan ng linaw o kasagutan. Ang bahaging ito ay sinusuri upang mabatid kung ang mga katanungang inilahad ay mahalaga. Gayundin kung ang mga katanungang inilahad ay may kaugnayan sa tiyak na paksa ng pananaliksik. Ang paglalahad ng mga tamang tiyak na suliranin ng pananaliksik ang magsisilbing direksyon sa maayos at tamang pagkakasunud-sunod ng pagtalakay ng mga kaalaman o detalye tungkol sa pananaliksik. Gayundin sa mga mambabasa, ang mga tiyak na suliranin ang gabay ng mga ito sa pag-unawa sa maayos na pagkakasunud-sunod ng pagtalakay sa paksa. Kaya mahalaga na tama at tiyak na mga suliranin ang ilalahad upang hindi masalimuot ang pagtalakay sa mga impormasyong nagpapaliwanag ng katugunan ng suliraning ng pananaliksik.

Pakikilahok

Bilang bahagi ng pagtalakay, basahin ang halimbawa ng isang paglalahad ng mga tiyak na suliranin ng pananaliksik. Gawin ang gawain.
Gawain

Pamagat ng Pananaliksik- Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Sanaysay na Pangkalikasan
Paglalahad ng mga tiyak na suliranin.
1. Ano-ano ang mga suliraning naranasan sa pagsulat ng mga mag-aaral ng sanaysay na pangkalikasan?
2. Ano-ano ang mga dahilan ng mga suliraning naranasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay na pangkalikasan?

Paggalugad
Kahulugan ng Paglalahad ng Tiyak na Suliranin ng Pananaliksik

Ang tiyak na suliranin ng pananaliksik ay ang sentro ng pag-aaral. Ito ang pokus ng mga mambabasa dahil ito ang unang tinitignan sa pagbabasa ng pananaliksik. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng pananaliksik dahil ang mga nakalahad na mga tiyak na suliranin ang mga mahalagang binabasa ng mga mambabasa. Ito ang nagsisilbing patnubay upang maunawaan ang wastong pagkakaugnay ng mga impormasyon. Gayundin, ito ang naglalarawan sa paksa na nagbibigay paliwanag sa mga katanungan o suliraning kaugnay sa paksang pinag-aaralan na nais maliwanagan o mabigyan ng katugunan.

Mga Antas ng Pagtatanong
Ito ay ang mga sumusunod:
1. Unang Antas. Ang mga tanong ay nagsisimula sa tanong na "ano".
2. Ikalawang Antas. Ang mga tanong na nagpapakita ng mga kaugnayan.
3. Ikatlong Antas. Ang mga tanong na naglalayong magpaliwanag ng mga resulta.

Paano Nagiging Tiyak ang mga Suliraning Ilalahad?
1. Pagbasa ng maraming babasahin para makapag-sarbey ng literatura. Upang magkaroon ng mga iba pang kaugnay na mga kaalaman tungkol sa paksa ng pananaliksik, mahalaga ang pagsagawa ng mayamang pagbasa.
2. Magtala ng mga kahulugan ng paksa mula sa mga babasahin. Sa pagbatid ng mga iba pang pagtalakay sa kahulugan ng paksa ay lalong lumalawak at higit na naiintindihan ang paksa ng pananaliksik. Gayundin, nailalahad din ang paksa sa iba't ibang anggulo. Suriin ang mga baryabol mula sa mga kahulugan. Sa pagsusuri ng mga baryabol, higit na nauunawaan ang katangian at ang ugnayan sa nais na impormasyong mabatid.

Pagpapaliwanag

Sa pagsulat ng tiyak na suliranin ng pananaliksik, mahalagang tandaan ang mga sumusunod:
1. Ang kawastuan ng mga tiyak na tanong na ilahad. Ang tanong ay mahalagang may pokus na kaugnay sa tiyak na paksa ng pananaliksik.
2. Ang mga kasagutan sa mga tiyak na mga tanong ang magbibigay ng mga kasagutan o paliwanag sa suliranin ng pananaliksik.
3. Ang mga tiyak na mga tanong ay mahalagang saliksikin gamit ang mga pangunahin at sekondaryang mga sanggunian. Ang mga

pangunahin at sekondaryang mga sanggunian ay batayan sa pagsasaalang-alang at higit na pagpapatibay sa kahalagahan sa mga tiyak na tanong para sa pananaliksik.
4. Ang paglalahad ng mga tiyak na suliranin ng pananaliksik ay hindi kailangang mahaba. Ang mahabang paglalahad ng mga tiyak na suliranin ng pananaliksik ay posibleng magdulot ng kalituan.

Pagpapalalim

Batay sa pamagat ng pananaliksik na *Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Sintesis,* piliin ang set na may tamang mga tiyak na paglalahad ng suliranin ng pananaliksik.

Set A. Mga tiyak na suliranin.
1. Ano-ano ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sintesis na kaugnay sa kanilang pananaliksik?
2. Ano-ano ang dahilan ng mga karanasang ito ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sintesis?
3. Paano natutugunan ng mga mag-aaral ang mga karanasang ito sa pagsulat ng sintesis?

Set B. Mga tiyak na layunin.
1. Ano ang kahulugan ng sintesis para sa mga mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang?
2. Ano-ano ang karanasan ng mga mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang sa pagsulat ng sintesis?
3. Ano-ano ang dahilan ng mga karanasang ito ng mga mag-aaral na nasa Ikasampung Baitang sa pagsulat ng sintesis?

Pagtataya

Panuto. Isulat sa espasyo ang mga tiyak na suliranin ng inyong pananaliksik.

Modyul 4. Tamang Pagtukoy sa mga Tiyak na Kalahok sa Isang Pananaliksik

Panimula

Sa pananaliksik, mahalagang mabatid ang kalahok ng isasagawang pag-aaral. Ayon kay Dekilitas at Griffiths (2017) natukoy nila na ang isang mahalagang aspekto ng nilalalaman ng pananaliksik ay ang kalahok. Ayon sa Collins Dictionaries (2024), ang kalahok ay hinggil sa mga taong bahagi sa isang gawain. Samakatuwid, ang kalahok ay pumapatungkol sa tiyak na indibidwal o grupo ng mga taong pagmumulan ng datos. Kung gayon, mahalagang mapag-ukulan ang bahaging ito ng pananaliksik ng sapat na panahon upang masuring mabuti dahil sa bahaging ito nakasalalay ang konglusyon ng pananaliksik.

Pakikilahok

Bilang pagtalakay sa paksa, gawin ang instruksyon sa bahaging gawain.

Gawain

Panuto. Bilang isang mananaliksik, tukuyin ang kalahok ng inyong pananaliksik. Isulat ang inyong sagot sa espasyong inilaan.

______________________________________________

______________________________________________

Paggalugad

Pagtukoy sa Kalahok ng Pananaliksik

Nakabatay sa paksa ang magiging kalahok ng isang pananaliksik. Ayon kay McCombes (2019), ang disenyo ng pananaliksik ay mahalagang nauunawaan ng ma-linaw ang pokus ng pananaliksik upang matukoy ang mga kalahok.

Populasyon

Sa pananaliksik, ito ang kabuuang bilang na nais mapagkukunan ng kongklusyon. Samantala, ang *sample* ay maliit na grupo ng mga indibidwal na pinagkuhanan ng datos. Naipaliwanag pa rin ni McCombes na ang populasyon ay anumang nais pag-aralan.ngunit sa agham panlipunan ito ay kadalasaang tumutukoy sa grupo ng mga tao.

Pagpapaliwanag

Mga *Sampling* na Pamamaraan ng Kwalitatibong Pananaliksik

Ayon kay Grin (2024) ang kwalitatibo at kwantitatibong pananaliksik ay may mga *sampling* na ginagamit.

1. Kwalitatibong Pananaliksik. Kabilang dito ang *purposive sampling* at *convenience sampling.*

*a. Purposive Sampling.* Ang pagpili ng mga kalahok
ay nakabatay sa demograpiya katulad ng nais, panlasa, sahod. libel at iba pa. Sa pamamaraang ito, ang mananaliksik ay aktibong ipinapaliwanag ang mga pamantayan lamang sa mga pumayag na kalahok. Kaugnay naman sa oras ay walang paghihigpit. Malaya ang kalahok na mag-ayos ng mga impormasyong ibabahagi kaya mahalagang maalam ito sa mga kaalamang nais mabatid.

*b. Convenience Sampling.* Ginagamit ito kung ang Kaya ang target na mga kalahok ay ang mga *available* o madaling mahahagilap. Ang bilang ng mga kalahok ay maaaring 10-12. Para sa pakikipanayam, ang bilang ng mga kalahok ay 5-10 na mga eksperto.

2. Kwantitatibong Pananaliksik. Kabilang naman sa pamamaraang ito ang r*amdom sampling.*

*Ramdom Sampling*. Ang pagkakaroon ng datos ay posible lamang kung kinakatawan nito ang kabuuang populasyon. Ang mga sagot ay sinusukat

gamit ang mga bilang. Ang higit na bilang na tugon ng mga kalahok ay higit din ang kinakatawan ng mga bilang.

Pagpapalalim
Panuto. Balikan ang inyong sagot sa bahaging *engage.* Pag-usapan ang magiging kalahok ng inyong pananaliksik.

Pagtataya
Panuto. Ibahagi sa klase ang natukoy na kalahok ng inyong pananaliksik. Tukuyin ang mga pamantayan sa inyong pagpili ng mga kalahok.

Modyul 5. Ang Paggamit ng Angkop na Pamamaraan ng Pananaliksik Batay sa Paksa
Panimula
Ang pamamaraan ng pananaliksik ay mahalagang nauunawaan. Ang bahaging ito ng pananaliksik ay mahalagang maunawaan dahil ito ang magbibigay ng direksyon sa tamang proseso paglilikom at pagsusuri ng datos. Ipinaliwanag ni McCombes (2019) na ang pamamaraan ng pananaliksik ay nagpapaliwanag sa paraan at pagsusuri sa mga hakbang kung papaano ilalahad ang mga nalikom na datos. Mahalagang sa maayos na paglalahad, madali at malinaw upang maunawaan ng mga mambabasa. Kaya mahalagang ang pamamaraaang gagamitin sa pananaliksik ay batid.

Pakikilahok
Mahalagang mahasa ang bawat isa sa paggawa ng talatanungan. Subukin na gawin ang bahaging gawain.
Gawain
Panuto. Sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan. Piliin sa mga sumusunod na pamamaraan ng pananaliksik ang angkop na gagamitin sa mga sumusunod na mga pamagat ng pag-aaral. Isulat ang letra ng iyong sagot sa espasyong inilaan.
*a.* Kwalitatibo b. Kwantitatibo c. *Mixed Method*
1. Ang Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pananaliksik
______ 2. Dahilan ng pagiging *Grade Concious* ng mga Mag-aaral.
______ 3. Pag-uugali ng Guro sa Pagtuturo.

Paggalugad
Kahulugan ng Pamamaraan ng Pananaliksik at ang Iba't Ibang Pamamaraan ng Pananaliksik
Ito ay pangkalahatang pamamaraang ginagamit ng mananaliksik sa pagbuo ng isang lohikal at sistematikong pag-aaral. Sa paggamit ng tiyak na pamamaraan ng pananaliksik, ang suliranin ng pag-aaral ay matutugunan sa tamang proseso na mahalagang isagawa sa pangangalap ng datos upang maging kapani-paniwala ang mga impormasyong ilalahad.
Iba't Ibang Pamamaraan ng Pananaliksik
1. Ang Kwalitatib na Pamamaraan. Isang hanay ng mga teknik na ginagamit para sa pangangalap, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan ng datos mula sa isang target na populasyon. Ayon kay Fonseca (2023), ang pamamaraang ito ay ginagamit kung ang mga layunin ay una, paggalugad ng bagong kaalaman, pagtuklas ng malalim na kaalaman kaugnay sa mga karanasan, pananaw at pag-uugali ng mga kalahok. Pangalawa, ang pagsiyasat sa komplikadong sosyal, kultural at kontekstwal na mga aspektong nakakaimpluwensiya sa isang pangyayari. Pangatlo, pagsiyasat sa mga katanungang maaaring makalikom at masuri ang datos.
Ang suliranin ng pananaliksik ang nagtatakda sa uri ng disenyong gagamitin ng mananaliksik. Madalas na nagiging pagkakamali ng mga mananaliksik ang agad na paglusong sa imbestigasyon at paglikom ng datos.
Disenyo ng Pananaliksik
1. Obserbasyon
2. Pakikipanayam
3. *Focus Group*
4. *Case Studies*
5. *Etnography*
6. *Visual Methods*
7. *Textual Analysis*

2. Ang Kwantitatib na Pamamaraan**.** Ito ay may kaugnayan sa presentasyon ng mga bilang ng datos. Ayon kay Mcleod (2023), ginagamit ang pamamaraang ito sa paglikom ng datos gamit ang mga *statistical* na pamamaraan. Kadalasan, ito ay ginagamit para masubok ang isang teorya, ang mga teorya, mga anyo at mga hinuha.
3. Ang *Mixed Method.* Ito ay pamamaraang ginagamit ang kwalitatib at kwantitatib na pamamaraan. Nabanggit nina Schoonenboom at Johnson (2023) na ito ay ginagamit para mapalawakt mapatibay ang kinalabasan ng isang pananaliksik at makaambag para sa nailathalang literatura.
Ang pamamaraang ito ay may mga disenyo. Natukoy ni Tegan (2023) na ang una ay ang ***convergent parallel***. Sa disenyong ito, ang paglikom ng datos ay kwalitatibo at kwantitatibo sa parehong panahon. Ang mga resulta ay sinusuri ng magkahiwalay. Pagkatapos ay pinaghahambing ang kinalabasan para sa pangkalahatang

International Journal of Humanities Social Science and Management (IJHSSM)
Volume 5, Issue 4, Jul. - Aug., 2025, pp: 325-344 ISSN: 3048-6874
www.ijhssm.org

konglusyon. Ikalawa, ang ***embedded***. Sinusuri sa disenyong ito ang datos sa parehong panahon ngunit maaaring mas malawak ang kwantitatibong disenyo o ang kwalitatibong disenyo. Ang datos sa dalawa (kwantitatib at kwalitatib) ay sekondarya. Ikatlo, ang ***explanatory sequential.*** Ang mga kwantitatibong datos bago ang kwalitatibo ang unang sinusuri. Ginagamit ito kung ang kwalitatibong datos ay makapagbibigay ng paliwanag sa kinalabasan ng kwantitatibong pananaliksik. Ikaapat, ang ***exploratory sequential.*** Ang kwalitatibong datos ang unang sinusuri. Ginagamit ang disenyong ito sa pagsiyasat ng mga inisyal na mga katanungan at sa pagbuo ng *hyphotesis.*

Pagpapaliwanag

Ang Disenyo ng Pananaliksik

Ayon kay Jain (2023) ang disenyo ay pangkalahatang istruktura at gabay sa pananaliksik. Ito ang larawan kung papaano isasagawa ang pananaliksik.

Mga Uri ng Disenyo ng Pananaliksik

1. Palarawan. Ito ay kinapapalooban ng pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing.
2. Pag-aaral ng Kaso. Layunin na siyasatin ang mga ideya, pagsubok at sitwasyon.
3. Historikal. Gumaganit ng iba't ibang pamamaraan ng pangangalap ng datos upang makabuo ng mga kongklusyon hinggil sa nakaraan.
4. Penomenolohiya. Nakaugat sa palagay na binubuo ng mga bagay at mga pangyayaring makatotohanan. Ito ay batay sa mga karanasan at obserbasyon sa lipunan.

Pagpapalalim

Panuto**.** Bilang pagsasanay, tukuyin at talakayin ang pamamaraan ng pananaliksik at disenyo ng inyong pananaliksik. Isulat ang inyong paliwanag sa espasyong inilaan.

Pagtataya

Takdang Aralin.

Panuto. Sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan. Isulat sa espasyong inilaan ang TAMA kung makatotohanan ang pahayag at MALI kung hindi angkop ang pahayag.

______1. Pamamaraang kwalitatibo ang gagamitin sa pag-aaral na may kaugnayan sa karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral na *working student.*

_______2. Ang *grounded theory* ay pag-aaral na layuning makabuo ng isang teorya.

_____ 3. Kwantitatibong pamamaraan ang gagamitin sa pananaliksik kaugnay sa epekto ng *social media* sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

_____4. Pakikipanayam ang angkop na disenyong gagamitin sa isang pananaliksik kaugnay sa karanasan ng mga kalahok.

_____5. Angkop na gamitin ang *mixed method* sa pananaliksik kaugnay sa epekto ng musika sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Modyul 6. Paglalahad ng Wastong mga Tanong para sa Isang Talatanungan para sa Paglikom ng Datos ng isang Pananaliksik.

Panimula

Ang talatanungan ang isa sa mga ginagamit sa paglikom ng datos. Naglalaman ito ng listahan ng mga katanungang maaaring may kaugnayan sa karanasan, opinyon, pag-uugali ng mga kalahok. Naipaliwanag ni Mcleod (2023) na ito ay epektibong paraaan sa paglikom ng datos. Tinukoy din ni Kuphanga (2024) na ito ay mapanghahawakan. Kung gayon, ang datos na malilikom gamit ang talatanungan ay kapani-paniwala mula sa indibidwal o grupo ng mga kalahok. Kaya mahalaga na ang talatanungan ay naglalaman ng mga katanungang may kaugnayan sa paksa o suliranin ng pananaliksik upang ang mga tugon ng mga kalahok ay magamit sa pananaliksik.

Pakikilahok

Mahalagang mahasa ang bawat isa sa paggawa ng talatanungan. Subukin na gawin ang bahaging gawain.

Gawain

Panuto. Ibigay ang mga posibleng tanong mula sa tiyak na katanungang naibigay. Isulat ang inyong tiyak na mga tanong sa inilaang espasyo.

Tiyak na katanungan - Ano-ano ang mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsagot ng katanungang sanaysay?

________________________________________

________________________________________

Paggalugad

Sa paglalahad ng tanong, ito ay nararapat na malinaw na pahayag na nangangailangan ng kasagutan. May mga ilang gabay na tinukoy ni DeFranzo (2019) na maaaring batayan sa pagbuo ng mga tanong para sa isang talatanungan para maging tiyak ang mga sagot. Kaya mahalagang pahalagahan ang mga ilang sumusunod na gabay sa pagbuo ng mga tanong na kaugnay para sa isang pananaliksik. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Palaging iugnay ang mga tanong sa layunin ng pananaliksik. Ang mga tanong ay kaugnay sa mga tiyak na suliraning inilahad sa isang pananaliksik.
2. Panatilihing maikli at simple ang mga tanong

International Journal of Humanities Social Science and Management (IJHSSM)
Volume 5, Issue 4, Jul. - Aug., 2025, pp: 325-344 ISSN: 3048-6874
www.ijhssm.org

upang maunawaan ng mga kalahok. Ang tanong ay dapat malinaw at tiyak. Iwasan ang hindi mahahalagang paglalarawan sa tanong.

3. Iwasan ang mga tugong emosyunal. Huwag gumamit ng mga salitang kaugnay sa emosyon. Gumamit ng mga salitang maiiwasan ang *risk* ng tanggap na kasagutan ng sosyal

4. Magkakaugnay ang mga tanong**.** Ang mga tanong ay hindi dapat nakapagbibigay ng sagot na batay sa hinuha. Ang mga salitang gagamitin ay dapat nakaugnay sa mga naunang mga tanong.

5**.** Ang mga tanong ay dapat hindi nauulit. Isaalang-alang na dapat komportable ang mga kalahok sa pagsagot ng mga ito sa mga tanong.

Pagpapaliwanag

May mga uri ng tanong na ginagamit sa kwalitatibo, kwantitatibong pananaliksik at *mixed method* sa paglikom ng datos. Ito ay ang mga susumusunod:

1. Kwalitatibong Pananaliksk

*Opened-ended questions.* Ang mga kasagutan ng mga kalahok sa uring ito ay binubuo ng mga pagpapaliwanag kaugnay sa tanong. Ang uring ito ay ginagamit sa pakikipanayam.

*Closed-ended questions.* Sa uring ito, ang mga sagot ay may katiyakan dahil mayroong pagpipilian ang mga kalahok.

Halimbawa. Panuto. Lagyan ng tsek (/) bago ang bilang ang mga kasanayan na nagagawa sa isang interaktibong pagbasa.

Mga kasanayan sa isang interaktibong pagbasa.

Nahuhulaan ang mga sagot sa mga nabuong tanong.

_____ Nakabubuo ng mga tanong tungkol sa tekstong binasa.

_____ Naiuugnay ang teksto sa kaalaman at karanasan.

_____ Nahuhusgahan ang elemento ng tekstong binasa.

_____ Napapansin ang istilong ginamit ng awtor sa akda.

2. Kwantitatibong Pananaliksik.

Ang *scaling na mga tanong* ay ginagamit sa pagraranggo ng mga tanong. Gumagamit ito ng mga bilang na may hanay ng mga halaga.

Halimbawa.Panuto. Lagyan ng tsek (/) ang hanay ng bilang ng inyong sagot sa talahanayan. Legend

5 Lubos-lubosang sumasang-ayon
4 Lubos na sumasng-ayon
3 Sumasang-ayon
2 Hindi sumasang-ayon
1 Lubosang hindi sumasang-ayon

3. Ang *Dichotomous* na talatanungan

Ito ay may pagpipilian na Oo o hindi. Pinakamadaling uri ito ng talatanungan. Sa uring ito, may pagkakataong ang mga tanong ay nangangailangan ng mga karagdagaang detalye o impormasyon upang maging malinaw ang mga kasagutan. Mahalagang suriin kung ang kasagutang Oo o hindi ay sapat na batayan na gagamitin bilang paliwanag sa mga nailahad na mga layunin ng pananaliksik.

Katangian ng Talatanungan

Mahalagang isaalang alang ang sumusunod sa paggawa ng talatanungan. Ayon kay Jenn (2006), ang talatanungan ay batay lamang sa mga sumusunod:

1. Ang mga tanong ay dapat mahalaga sa mga kalahok.
2. Maikli hangga't maaari upang maiwasan ang kalituan. Batay sa paksa ng ananaliksik ang mga tanong.
3. Tama at malinaw na pagkakabuo ng mga tanong. Simple at hindi maligoy ng maunawaan ng mga kalahok ang mga tanong.

Paggalugad

Gawain 1

Bilang paghahasa sa inyong kasanayan sa paggawa ng talatanungan, suriin ang sumusunod na mga katanungan kaugnay sa naibigay na tiyak na katanungan.

Panuto Lagyan ng tsek (/) sa patlang kung mahalagang itanong ang mga sumusunod na mga katanungan. Isulat naman ang ekis (X) kung hindi mahalagang itanong ang mga katanungan.

Gamitin ang naibigay na tiyak na mga katanungan. Tiyak na katanungan ng pananaliksik. Ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa inyong pasalitang pagpapahayag gamit ang Wikang Filipino?

_____ 1. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong sariling pagpapakahulugan sa pagpapahayag?

_____ 2. Ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa inyong pagpapahayag gamit ang Wikang Filipino?

______3. Mahalaga bang pag-aralan natin ang epektibong pagpapahayag gamit ang Wikang Filipino?

_____ 4. Mahirap bang magpahayag gamit ang Wikang Filipino?

Gawain 2

Panuto. Gamit ang mga katanungan sa unang bahagisa paggawa ng isang talatanungan, suriin kungtama ang sumusunod na mga pahayag.

International Journal of Humanities Social Science and Management (IJHSSM)
Volume 5, Issue 4, Jul. - Aug., 2025, pp: 325-344 ISSN: 3048-6874
www.ijhssm.org

Lagyan lamang ng tsek (/) bago ang bilang ang mga tamang panayag.

______1. Ang unang katanungan ay hindi nangangailangaan ng pagpipilian ng mga kasagutan dahil ito ay tanong sa isang pakikipanayam.

_____ 2. Ang ikalawang katanugan ay maaaring gamitan ng pagpipilian na mga sagot upang maging tiyak ang datos na malilikom.

______3. Mahalagang maitanong ang ikatlong katanungan. Ito ay may pag-pipilian na yes or no.

______4. Mahalagang maitanong ang ikatlong katanungan. Ito ay may pagpipilian na Oo o hindi.

Pagtataya

Takdang-aralin. Panuto. Gumawa ng talatanungan na inyong gagamitin sa inyong paglikom ng datos ng inyong pananaliksik.

Modyul 7. Pagtatalakay ng Malinaw, Wasto at Maayos na mga Nalikom na Resulta ng Pananaliksik.

Panimula

Ang pagtalakay sa anumang datos na nalikom sa isang pananaliksik ay mahalagang matalakay ng wasto, maayos ayon sa kategorisasyon. Mahalagang ito din ay matalakay ng malinaw, wasto at maayos dahil ito ang nagpapakita sa mga impormasyong nagbibigay ng halaga sa isinagawang pananaliksik. Ayon kay Dunton (2021) ito ang pinal na bahagi ng pananaliksik. Kaya mahalagang maisulat at matalakay ang lahat ng mga mahahalagang datos ng tama at kompleto. Mahalagang ang mga ito ay mailarawan, masuri at mabigyan ng tamang interpretasyon. Sa pagtalakay ng may kompleto, malinaw at tama, mababatid at mauunawaan ang mga katugunan sa katanungang nailahad sa pananaliksik.

Pakikilahok

Ang pagtalakay sa datos na nalikom sa isang pananaliksik ay mahalagang matalakay nang wasto, malinaw, wasto at maayos. Bilang bahagi ng pagtalakay ng paksa.

Gawain. Sa bahaging ito, ipapasagot ng guro ang isang talahayang naglalaman ng datos.

Paggalugad

Ang Paglalahad ng Resulta ng Nalikom na Datos

Ang bahaging paglalahad ng mga resulta ng nalikom na datos ay tinatalakay sa paraang maayos. Ayon kay Bart (2018), ang bahaging ito ang buod ng eksperimental na kinalabasan ng pananaliksik. Tinalakay ito ayon sa tamang kategorisasyon o pagkakahati ng mga konsepto ng kaugnay sa mga katanungang nailahad sa mga kasangkapang nagamit sa pagkalap ng datos. Sa pananaliksik, ito ay napakahalagang bahagi dahil dito mababasa ang mga katugunan sa mga suliraning nailahad. May mga gabay sa paglalahad ng resulta ng nalikom na datos na naibahagi ni Anne (2024). Ilahad ang mga mahahalagang datos sa grap at talahanayan. Malinaw itong ilahad. Gumamit ng mga larawan, artifacts, mga tala at mga panayam.

1. Linawin. ang mga hindi malinaw na mga punto.
2. Ilahad ang mga kinalabasan sa mailking paliwanag. Huwag maging maligoy sa pagpapaliwanag upang maiwasan ang pagkalito ng mga mambabasa.
3. Isama ang mga negatibong kinalabasan ng pananaliksik. Anuman ang kinalabasan ng nalikom na datos ay dapat ilahad ng may katapatan.
4. Maging tama ang paglalahad at paglalarawan sa mga resulta. Maging maingat sa paglalahad ng mga detalye at pagpapakahulugan upang lahat ng ilalahad ay tama.

Pagpapaliwanag

Sa paglalahad ng kinalabasan ng pananaliksik, gumagamit ng grap upang ito ay madaling maintindihan ng mga mambabasa

Ang Paggamit ng mga Grap

Sa pagtalakay sa resulta ng nalikom na datos, mahalagang gumagamit ng mga naaangkop na grap. 1. Ang bar grap. Ang layunin ng paggamit nito ay ang paghambingin ang mga sukat o bilang ng datos. Ang datos na nasa patayo o *vertical* na presentasyon ay naglalahad ng sukat o bilang ng mga kalahok. Samantalang ang nasa pahalang o *horizontal* na presentasyon ay tungkol sa mga konseptong maaaring aspekto, dahilan, epekto, karanasan, hakbang at iba pa.

2. Ang *pie* grap. Ito ay ginagamit upang maipakita sa maayos na paraan ang isang pangkat ng datos na naghahati-hati sa isang kabuuan upang madaling maunawaan.

3. Ang palarawang grap (*Pictograph*). Larawan ang ginagamit upang kumatawan sa datos, impormasyon o produkto. Mahalaga na maging magkakasinlaki ang mga larawan. Bawat larawan ay may tiyak na katumbas na bilang batay sa datos.

4. Ang linyang grap (*Line Graph*). Binubuo ng linyang *perpendicular*. Ito ay ginagamit sa pagsukat ng pagbabago o pag-unlad. Ang patayo at ibabang linya ay may kaukulang pagtutumbas. Ang

linya at tuldok ay tumutukoy sa interbal, bilis, bagal o tagal ng mga bagay (salik) na nakatala sa bawat gilid.

Ang Talahanayan

Ito ay naglalahad ng datos sa *tabular* na anyo. Sistematikong inilalagay ang mga nalikom na datos sa mga hanay o *column*.

Ang Flow Tsart

Ito ay naglalahad ng direksyon o pagkakasunod o ugnayan ng mga konsepto. Sa paggamit ng tsart na ito, mahalagang maipaliwanag ng malinaw sa tamang pagkakasunud-sunod ng mga detalye batay sa tsart na inihanda na naglalahad ng daloy ng pagtalakay sa kinalabasan ng pananaliksik.

Pagpapalalim

Gawain

Panuto. Bilang pagsasanay, tukuyin at talakayin ang grap na angkop na gamitin sa inyong pananaliksik. Isulat ang inyong paliwanag sa espasyong inilaan.

Pagtataya

Takdang-aralin. Isumite sa susunod na pagkikita ang bahaging paglalahad ng datos na inyong pananaliksik.

## VI. KONGKLUSYON

Batay sa datos na nalikom, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: una, may mga suliraning naranasan ang mga mag-aaral na nakaapekto sa kanilang pagsulat ng pananaliksik katulad ng kahirapan sa pagsulat ng ilang bahagi ng pananaliksik, kawalan ng pakikiisa ng mga kalahok sa pagbabalik ng mga talatanungan, ang kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagpili ng paksa ng pananaliksik at ang kakulangan ng mga sanggunian kaugnay sa paksa ng pananaliksik. Ikalawa, upang mapag-tagumpayan ng mga mag-aaral ang pananaliksik, may mga estratehiyang ginamit katulad ng pagpapapangkat bilang mag-aaral at ang pagkonsulta sa guro. Ikatlo, ang pagbubuo ng modelong modyul sa pagsulat ng pananaliksik ay isang pangangailangan na mahalagang patuloy na isagawa.

## MGA SANGGUNIAN

[1]. Alsied, S. at Ibrahim, N.,2017, “Exploring Challenges Encountered by EFL Libyan Learners in Research Teaching and Writing,”, IAFOR Journal of Language Learning, 3(2), p.156.

[2]. Altikriti, S., 2022 “Challenges Facing Jordanian Undergraduates in Writing Graduation-Research Paper,” Journal of Language and Linguistic Studies, 18(1). (EJ1325702). ERIC.https:/ /eric.ed.gov/?id= EJ1325702

[3]. Aruta, J. 2018, “Once Dance Different Moves: A Qualitative Study of Filipino Counsellor Educators Pedagogy,” .https://po .penureresearchportal.org.ejournal

[4]. Asisa, N., 2021, “The Analysis of Students' Problems on Writing Thesis. English Education. FKIP.

[5]. Azmat, M. at Ahmad, A.,2022, “Students Experience in Completing Thesis at Undergraduate Level” Journal of Materials and Environmental Science, 13(3). https:// www. jmaterenvironsci. com/ Documentt /vol13 _N3/JMES- 2022- 3024-Azmat.pdf

[6]. Bengtson, M., 2016, “How to plan and perform a qualitative study using content analysis”, Elsevier Science Direct, 2. https://doi.org/10.1016/j.npls.016.01.001

[7]. Benson, C., 2023, “Challenges Students Face When Writing Research Papers,” https:// /larchmontla.com/challenges-students-face-writing-research-papers/

[8]. Brown, J., 2018, “Interviews, Focus Groups and Delphi Techniques,” LSE Research Online. http://eprints.lse.ac.uk/100954/

[9]. Campillan, R., 2019, “Difficulties in Research Writing Among Communication Students in a Private University,” https://www.ejournals .ph/article.php?id= 14786

[10]. Calzon, B., 2023, “A Guide to the Methods, Benefits and Problems of the Interpretation of Data,” https://www.datapine. com/data-interpretation-methods-benefits-problems/

[11]. Cornell, D. ,2023, “Twenty Five Leaning Experience Examples,” https:/ helpful professor .com/learning-experience examples/

[12]. Dade, M., 2023, “How to Properly Use Tables and Graph in– Research,” https://www.firsttime.com/how-to- properly-use-tables

[13]. De Guzman, A., at Tan, E., 2007, “Understanding the Essence of Scholarship from the Lived Experiences of a Select Group of Outstanding Filipino Researchers,” Educational Research Journal. 22(1), Summer 2007 ©Hong Kong educational Research Association, https://www.semanticscholar.org/paper/

[14]. Dominguez, D., 2022, "Ang pPggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo sa Larang ng Agrikultura," Mountain Journal of Scinece and Interdisciplinary Research, 82(1). Benguet Sate-Buguias - Campus.
[15]. Eyuboğlu1, E. at Dalkıran, O., 2020, "Comparison of the Effects of Sports Education and Direct Teaching Models on the Attitude and Cognitive Domain Level of Undergraduate Students," Journal of Education and Learning, 9(2). https://doi.org/10. 5539/jel.v 9n2 p191
[16]. Fitria, T., 2022, "Analysis of EFL Students Difficulties in Writing and Completing English Thesis," https://e-journal.used.ac.id/index.php/LLT/article/view/3607
[17]. Franco, V., 2022, "Difficulties and Challenges of Library and Information Science Students in Thesis Writing During the Pandemic," (ED618103). ERIC. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED618103.pdf
[18]. George. E., 2022, "Research Reading: How to Make Reading Scientifi Articles a Happy Habbit Researcher Life," https://researcher. life/blog/article/ research-reading- how- to-make-reading-scientific
[19]. Glancy , A., Tamara J. S. , Guzey, M. at Smith, K., 2017, "Students' Successes and Challenges Applying Data Analysis and Measurement Skills in a Fifth-grade Integrated Stem Unit," Journal of Pre-College Engineering Education Research, Vol.7(1). https://docs.lib.purdue.edu/jpeer/ vol7/iss1/5/
[20]. Groth, R. and Choi, Y., 2023, "A Method for Assessing Student's Interpretation of Contextualized Data. Educational Studies in Mathematics. https://link. springer.com /article/10.1007/s10649-023-10234-z .
[21]. Habibi, A., 2015, "The Effect of Reading on Improving the Writing of EFL Students,"Social Sciences and Humanities Journal, 22(4). https://www.pertanika. upm.edu.m
[22]. Hotmaria1, S., Pardede, H., at Sinurat, B., 2019, "The Effect of Small Group Discussion on the Students' Ability in Speaking English at Grade VIII of SMP Negeri 2," https://e-journal. upp. ac. id/index.php/jee/article/view/1962/pdf_66
[23]. Ines, S., 2015, "How to Write Research Paper: A Step-by-step Guide. Essay Writing," https://kibin.com%2 Essay-writing-%2Fhow-to-write-a-research
[24]. Ismail, E,. "Effects of Using Discussion," https://repository arraniry .ac.id/id/eprint
[25]. Javed, M., 2019, "What are the Problems for Students in Writing the First Research Paper in Second Language," https://www.researchgate.net/
[26]. Komba, S., 2015, "Challenges of Writing Theses and Dissertations Among Postgraduate Students in Tanzanian Higher Learning Institutions,". International Journal of Research Studies In Education,5(3):71-80. https. doi.org.5861/ijrse.201
[27]. Knott, E. Rao, A., Summers, Kat Teeger, C., 2022, "Interview in the Social Sciences. Nature Review Methods Primer, 2," https://www.nature.com /articles/s43-022-00150-
[28]. LaRocco, D. at Fanelli, L., 2021, "What is Learning Experiences? Handbook of Research on Applying Universal Design for Learning Across Disciplines: Concepts, Case Studies, and Ractical Implementation," https://www.igi-globalcom/dictionary/universal-design-for-learning-for-clinical-educators/37314#: ~:text=Any%20experience%2 C%20planned%20or%20unplanned, knowledge
[29]. Leonares J., 2019, "Challenges Encountered by Senior High School Students in Their Research Undertaking," Ascendants Asia Journal of Journal Multidisciplinary Research Abstract, 3(2).https://ojs. searching.com.
[30]. Li, H., Zhang, L., at Parr, J., 2020, "Small-grup Student Talk Before Individual Writing in Tertiary EnglishWriting Classrooms in China: Nature and Insights Frontiers in Psychology 11," Sec. Educational Psychology. ttps://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.868045
[31]. Lou, A., 2019, "Content Analysis, Guide, Methods & Example,". Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology
[32]. Man, C., 2021, "The Elements of "great teaching", https://keemanxp..medium. com/the-elements-of-great-teaching - 485128584026
[33]. McCombes, S., 2022, "How to Write an Abstract | Four Steps & Examples.https:// www.scribbr.com/dissertation/abstract/
[34]. Mesa,J., Chica, D., Chica, R., Bonamigo, R., at Bastos, J.,2016, "Sampling: How to

Select Participants in my Research Study?,” https://doi.org/10.1590/abd1806-4841.20165254
[35]. Mohammed, A., Abubakar, A., Karie. O., at Khalif, H., 2022, “Challenges Encountered by Undergraduate Students in Writing Thesis in Mogadishu, Somalia,” IJSC,12 (9). https://www. researchgate.net/publication/36599-6026_challenges education_by_ undergraduate_ students_ n_writing_thesis_
[36]. Misa, R., 2021, “Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratoryo High School ng Presidente Ramon Magsaysay State University,” American Journal of Humanities and Social Sciences Research,5(10), pp-58-68. https: //www.studocu.com/ph/document /batangas-state-university/human-resource-management/kakayahan-sa-pang-gramatikang-filipino-ng/56979524
[37]. Nair, A. 2024. Guiding policy–makers for based–evidence policy making. https://www. enago.com/academy /recommendation-in-research
[38]. Pope, M. at Pace, M., 2019, “Importance of Consultation. Thirty Annual NYAR Conference(March,2019),”https://digital commons.georgia.southern.edu/nyar_ savannah/2019/2019/85 /#:~:text=Consultation
[39]. Quinto, D., 2020, “Proficiency on Mechanics of Writing Among Grade 10 Students in Selected Private Schools in Iloilo City: Basis for developing an English Proficiency Teaching Module,” https://repository.cpu.edu.ph/handle
[40]. Rabuya, C., 2023, “Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Filipino at Ingles Bilang Midyum ng Pag-aaral ng Matematika sa Daigdig,. International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR), 5(4). https://www.ijfmr.com/ papers s/2023/4/5409.pdf
[41]. Rahmat, I. at Chanunan, S., 2018, “Open Query in Facilitating Metacognitive Skills on High School Biology Learning: An Inquiry on Low and High Academic Ability ,”International Journal of Instruction 11(4):593-606.https://doi.org/ 10.12973/iji.2018.11437a
[42]. Sappapan, P., 2022, “Promoting EFL First-year Students’ Autonomy Through Consultation Services,” LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network, 15(1). https://so04.tci-thaijo.org/index.php/
[43]. Thanavathi C., 2022, “Unit -iv Models of Teaching: Meaning, Definitions, and Function-models: Philosophical Teaching Models: Insight Model (Plato) Impression Model (Jhon Locke) and Rule Model - Psychological Models: Basic Teaching Model Robert Glasser,”. https://www. researchgate.net/publication/358641922
[44]. UNESCO Bureau of International of Education, 2023, “Learning Experiences,” https://www.ibe.unesco.org/en//glossary curriculum-terminology//learning-experience [
[45]. Vasilleiou, K., 2018, “Characterizing and Justifying Sample and Sufficiency in Interview-based Studies : Systematic Analysis of Qualitative Health Research Over a 15 Year Period,”. National Institute of Health. https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov.